

Lungsod ng Daly City

Patalastas Hinggil Sa Pamublikong Pagdinig Ukol sa Pagsusuri ng mga Pangangailangan ng Komunidad Naaayon sa COMMUNITY DEVELOPMENT

BLOCK GRANT (CDBG) AT HOME PROGRAMS. SA PANAHON MULA

JULIO 1, 2013 HANGGANG JUNIO 30, 2018.

Ayon sa patalastas na ito, sa Lunes, Disyembre 10, 2012, sa ganap na alas siete ng gabi (7:00 p.m.), ang Panglungsod Konseho ng Lungsod ng Daly, na nasa 333-90<sup>th</sup> Street, Daly City, California ay magsasagawa ng pamublikong pangdinig hinggil sa mga sumusunod:

- A. Lakapin ang mga pananaw mula sa lahat ng mamamayan hinggil sa pangkalahatang kaunlaran at pangangailangan sa pabahay ayon sa nakalaang pondo para sa Community Development Block Grant (CDBG) at Home mula sa Department of Housing and Urban Development (HUD) para sa Taong Piskalya 2013-14.
- B. Bigyang tuon ang magiging partisipasyon ng mga mamamayan sa paraan ng pagpapalano ng Limang Taon- HUD Consolidated Plan mula sa panahon ng Julio 1, 2013 hanggang Junio 30, 2018. Limang Taon pinagsama-samang Plano ng Lungsod. Balangkas ng Pagkilos ay tutuon sa mga prayoridad ng Lungsod hinggil sa pag-unlad ng komunidad, pangangailangan sa pabahay, mga stratehiya at layunin, kaakibat ng natatanging proyekto at programang gagamit ng pondo sa ilalim ng CDBG at HOME. Lahat ng pamublikong saloobin, nakasulat man o hindi, ay tatanggapin, didinggin, at tatalakayin dito sa pamublikong pangdinig.

Ang pangunahing layunin ng programang CDBG ng Lungsod ay upang makabuo ng angkop na komunidad sa lungsod na may sapat at naaayong pabahay at kaaya-ayang kapaligiran; paglago ng mga oportunidad pang-ekonomiya, lalung-lalo na para sa mga mamamayang may maliit o di sapat na kinikita. Ang pangunahing layunin ng programang HOME ay, sa pamamagitan ng pamubliko at pribadong ugnayan, dagdagan ang maayos, malinis, at abot-kayang paupahang pabahay para sa mga pamilyang mahihirap.

**LAHAT NG MAMAYANG MAY INTERES SA GAGANAPING PANGDINIG AY  
MAAARING MAKILAHOK.**

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa pamublikong pangdinig, maaaring tumawag o pumunta sa Housing and Community Development Supervisor sa Bulwagang Panglungsod, 333-90<sup>th</sup> Street, Daly City, California, mula 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M., Lunes hanggang Biyernes. Ang telepono ng HCD Supervisor ay 650-991-8068. Ang TDD no. ng Lungsod ay 650-991-8278.

Betsy ZoBell

Housing and Community Development Supervision